REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 91-173**

**KAPASIYAHAN NA KINUKUPKOP NG BAYAN NG MUNTINLUPA SI SENADOR JOSE "JOEY" D. LINA, JR. DAHIL SA KANYANG GINAWANG PAGTULONG SA PAGSASAKATUPARAN NG INTEGRATED DEVELOPMENT PLAN FOR MUNTINLUPA.**

---

SAPAGKAT, kapuri-puri ang pagkakaloob ng pagmamalasakit at pagkilala na ipinakita ni Senador Lina para sa pagsulong sa kaunlaran ng Bayan ng Muntinlupa na siyang namagitan sa iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan at Pangulong Corazon C. Aquino para ang Integrated Development Plan for Muntinlupa ay magkaroon ng katuparan;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ni Senador Lina, ahg minimithing pagbabago at pagtaas ng antas-pangkabuhayan ng taga-Muntinlupa ay magkaroon ng kaganapan sa pagsasakatuparan ng Integrated Development Plan para sa Muntinlupa;

SAPAGKAT, si Senador Lina bagama't hindi taga-Muntinlupa ay nagbigay ng kusang-loob na serbisyo sa abot ng kanyang kakayahan upang mapaunlad ang Bayan ng Muntinlupa at makilala ito bilang modelo at primerong bayan sa bansa;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na kupkupin o gawing adopted son ng Bayan ng Muntinlupa si Senador Jose "Joey" D.Lina, Jr. dahil sa kanyang ginawang pagtulong sa pagsasakatuparan ng Integrated Development Plan for Muntinlupa at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito si Senador Lina.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng lahat ng kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-isandaa't apatnapung (140th) regular na pulong na ginanap noong ika-28 ng Enero,1991.

PINAGTIBAY:

Mggl.IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pansamantalang Pambayang Kalihim

---

INISPONSOR NI KGG. KONSEHAL NOLASCO L. DIAZ

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pangalawang Punongbayan/Pangalawang
Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Konsehal

Pinagtibay : Enero 28, 1991